REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 95-226

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD NG MUNTINLUPA ANG APLIKASYON NG CAVITE IDEAL INTERNATIONAL CONSTRUCTION AND DEVELOPMENT CORPORATION AT AYESEL CONSTRUCTION AND DEVELOPMNET CORPORATION PARA SA PAGKAKALOOB NG PRANKISA (GRANT A FRANCHISE) AT ANG PAGBIBIGAY PA RIN NG KAUKULANG PERMISO AT LISENSIYA (ISSUANCE OF PERMITS AND LICENSES) PARA SA PAGTATAYO, PAG-IISTABLISA, PAGMIMINTINA AT OPERASYON NG ISANG "SPORTS AND AMUSEMENT COMPLEX" NA MATATAGPUAN SA POSADAS SUBDIVISION, BARANGAY SUCAT O SA IBANG LUGAR NA MAAARING PAGTAYUAN NITO NA UMAAYON SA UMIIRAL NA LOCAL ZONING ORDINANCE NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Panlungsod

************************************************************

SAPAGKAT, ang Cavite Ideal International Construction and Development Corporation na kinatawan ni G. Lamberto L. Lee, Jr., Chairman and President at Ayesel Construction and Development Corporation na kinatawan ni G. Antonio S. Licuanan, Managing Director ay nag-aaply sa Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ng prankisa at kaukulang permiso at lisensiya para sa kanilang magkasanib na proyektong tinaguriang "New Sucat Sports and Amusement Complex" na matatagpuan sa Posadas Subdivision, Barangay Sucat o iba pang lugar na maaaring itayo ito batay sa local zoning standard or classification na umiiral dito sa nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, matapos ang masusing pagrerepaso at pagsusuri ng kanilang mga plano at iba pang impormasyon tungkol dito, ang mga developers ay napatunayang may sapat na kakayahan, resources at ekspirensya sa nasabing proyekto at napatunayang sumusunod sa mga umiiral na batas na siyang sumasakop sa gawaing ito;

SAPAGKAT, ang nasabing proyekto ay malaking tulong para sa ganap na pag-unlad at pagiging highly-urbanized city ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, kabang-yaman ng Pamahalaang Lungsod ay tataas at uunlad sa pamamagitan ng mga karagdagang buwis (taxes) na makokolekta sa lupang di-natitinag (real property/estate) at sa negosyo (business), at ang kawalan ng hanapbuhay ay maiibsan sa pagkakaroon ng lalong maraming oportunidad na trabahong mapapasukan sa itatayong sports and amusement complex at magkakaroon din ng dagdag na negosyo ang ibang industriya sa may karatig dito;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN



SAPAGKAT, ang mga developers ay napagkalooban na ng kaukulang locational clearance at development permit ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang ganitong mga kaganapan ay umaayon sa programa ng Pamahalaang Lungsod na makahikayat ng mga mamumuhunan (investors/capitalists) na magtayo ng kanilang negosyo dito na kinikilala bilang gateway to the CALABARZON at tinagurian din na business heaven di lamang sa Metropolitan Manila kungdi sa buong bansa na rin;

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod na pagtibayin ang aplikasyon ng Cavite Ideal International Construction and Development Corporation at Ayesel Construction and development Corporation para sa prankisa at ang pagbibigay na rin ng kaukulang permiso at lisensiya para sa pagtatayo, pag-iistablisa, pagmimintina at operasyon ng isang "Sports and Amusement Complex" na matatagpuan sa Posadas Subdivision, Barangay Sucat o sa ibang lugar na maaaring pagtayuan nito na umaayon sa umiiral na local zoning ordinance ng Lungsod ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA ng mga kagawad ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa sa kanilang ika-129th regular na pulong na ginanap ngayong ika-26 ng Hunyo, 1995 sa Silid Pulungan ng People's Center, Lungsod ng Muntinlupa.

PINATUTUNAYAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal/ Pansamantalang Tagapangulo/ Pinuno ng Mayorya

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ALDRIN A. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYBALDO A. ABAS,JR
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Samahan ng mga Punong-
Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F.RIOSJR
Kinatawan ng Sektor
Pederasyon ng Sangguniang
Kabataan

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Kalihim Panlungsod

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod